

PROLOGO PANGALAN

Axel John

Nang makita ko si Ama ay agad akong umalisto. Nandito na siya at ang mga bataan niya. Ibig sabihin, kailangan na naming mag-intrega. Labing-limang taong gulang na ako at pitong taon na akong nasa poder ni Ama. Hindi naman ako nagrereklamo dahil mula nang mapunta ako sa kanya ay hindi na ako nakaramdam ng gutom. Hindi na ako nababasa ng ulan at hindi na rin ako nahihirapang tumakas sa Boys Town kung saan dinadala ang mga nahuhuling tulad ko sa lansangan.

Isa akong yagit.

Hindi ko na halos matandaan ang buhay ko noong may pamilya pa ako. Ang alam ko, namatay ang nanay ko sa sakit na TB. Mahirap lang kami. Nang mamatay si Nanay noong anim na taong gulang ako, kinukop ako ng tyuhin ko. Umalis ako doon dahil ginagamit niya akong instrumento sa pagpapalimos upang kumita siya ng pera. Ayoko nang ganoon, pagod na nga ako, sinasaktan pa ako ng asawa niya. Kaya noong walong taon ako—nang isama ako ni Tiya sa Divisoria—ay tumakbo ako—tumakbo ako nang mabilis na mabilis. Pakiramdam ko noon lang ako nakaramdam ng kalayaan.

Akala ko ay suswertihin na ako. Nakita ko ang

kapitbahay naming si Aleng Choleng sa isang palengke noon. Kilala niya ako. Isinama niya ako. Sabi niya ay naaawa siya sa akin kaya daw dadalhin niya ako sa aking ama. Nagtaka ako nang dalhin niya ako sa isang simbahan at hinanap ang paring nagnangalang Hernan.

Akala ko ay ipapaampon niya ako, pero sa murang isipan ko, naintindihan ko na si Padre Hernan—ang lalaking hinanap ni Aling Choleng ay ang aking tunay na ama. Napilitan ang matanda noon na sabihin sa akin ang totoo.

Dating dancer ang nanay ko sa isang club. Nakilala niya ang pari, binayaran siya at ang gabing iyon ay ako ang naging bunga. Ayaw akong tanggapin ng pari. Labag daw sa kanyang landas ang presensya ko. Masakit. Walang taong gulang ako nang maramdaman ko ang tunay na sampal ng realidad ng buhay sa aking mundo.

Muli, ay tumakbo ako. Sa kakatakbo ko ay nabangga ko si Ama. Yagit—siya ang nagbansag sa akin niyon. Kinuha niya ako.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong niya habang nakasakay kami sa van niyang puti.

“Ernesto po,” sabi ko. Binigyan niya ako ng candy. Madalang akong makakain niyon. Nakangiting kinuha ko iyon.

“Nasaan ang mga magulang mo, Ernesto?”

“Patay na po ang nanay ko. Ang tatay ko pari.”

“Ernesto kamo ang pangalan mo?” tanong niyang muli.

Tumango ako.

Napangiti siya. “Papalitan natin ang pangalan mo, Ernesto. Sa pagdadalhan ko sa ‘yo, hindi mo kailangan ang nakaraan mo o ang anino ng dating ikaw. Mula sa araw na ito, ikaw na si Axel John.”

Hindi ko siya masyadong maintindihan. Basta ang alam ko, masarap sa tainga ang narinig kong pangalan.

“Axel John...” ulit ko. “Ano’ng apelyido ko?” tanong ko pa.

May kung anong ngiti sa mukha niya. “Apelyido. Axel John Apelyido.”

Mula nang araw na iyon. Nakilala ako bilang si Axel John. Pitong taon ko nang dinadala ang pangalang iyon. Axel John Apelyido. Tulad nang sinabi ni Ama noong araw na kinuha niya ako sa lansangan, hindi ko kailangan ng dating ako sa bago kong mundo.

Isa akong yagit. Namamalimos sa lansangan. Sa gabi, ibinigay kong lahat ang kinita ko kay Ama, pasasalamat sa pagkupkop niya sa akin. Kapitalit noon ay hindi ako nasasaktan, hindi ako nagugutom at may tinutulugan ako.

“Magkano sa ‘yo, Axel John?” tanong niya pagtatap niya sa akin. Binigay ko sa kanya ang limang daang pisong ipinapalit ko sa isang tindahan kanina. Hindi lang iyon. Ibinigay ko rin kay Ama ang wallet na kinuha ko sa babae sa loob ng simbahan kanina. Ibinigay ko rin ang kwintas na hinablot ko. Ngumiti siya nang makita ang lahat nang iyon.

“Magaling, Axel John! Sa ‘yo ang pinakamalaking parte ng manok ngayong gabi!” ani Ama.

Tuwang-tuwa naman ako sa sinabi niya. Tumabi agad ako upang bumalik sa pila. Masarap ang ulam namin ngayon kaya masaya ako at ako na naman ang may pinakamaraming bigay kay Ama.

Nang matapos ang pag-iintrega namin ay pumasok ang mga bataan ni Ama. May dala silang isang babaeng may suot na red baseball cap, naka-long sleeves na puti at mahaba ang buhok. Nagpupumiglas siya. Sa tantya ko ay nasa labing-tatlo o labing-apat ang edad niya.

“Siya nga pala ang bago ninyong kasama. Pinangalanan ko siyang Pamela Anne.” Tumingin siya sa lahat.

“Bitiwan ninyo ako! My father will look for me and when he does, this syndicate will go down!”

Sosyal ang bago naming kasama. Inglisera. Hindi ko siya masyadong inintindi.

Nang sabihin ni Ama na kakain na ay nag-alisan na kami. Tulad nang sinabi niya kanina, sa akin ang pinakamalaking parte ng manok. Napalakas ang kain ko dahil binigyan ako ni Ate Sile ng maraming kanin, sayote, at sabaw. Sinamahan pa niya iyon ng patis na may sili.

Busog na busog ako nang gabing iyon. Bago ako natulog ay pumuslit pa ako sa likod-bahay para magyosi. Pampawala ng umay.

Habang nakatayo ako sa gilid ay narinig ko ang isang hagulgol. Tumakbo ako at nakita ko ang bagong pasok na si Pamela Anne na hawak ng dalawang bataan ni Ama.

“Tatakas ka pa ha! Hindi ka makakatakas dito hangga’t hindi pumapayag ang tatay mong General sa proteksyong hinihingi ni Ama!”

“Kung condom lang ang habol ninyo, maraming ganoon sa *7-Eleven!*”

Tinulak siya ng dalawang lalaki. Tumakbo naman ako at dinaluhan siya.

“Mga boss, ako na’ng bahala dito.” Itinapon ko ang yosi ko kung saan. Tumingin sila sa akin.

“O sige, Axel, ikaw na diyan. Baka masaktan pa namin iyan!” Umalis ang dalawa at naiwan sa akin ang babae. Tiningnan ko siya.

“Ano’ng tunay mong pangalan?” tanong ko.

Nag-iwas siya ng tingin. “Do you expect me to tell you? You’re one of them!”

“Anong one op dem, one op dem ka diyan?! ‘Wag ka ngang maarte! Mag-Tagalog ka! Nasa Pilipinas ka, Pamela Anne, ‘oy!” Pinanlakihan niya ako ng mga mata. Nakadama naman ako ng awa sa kanya. Umiling ako at pinulot siya sa lupa.

“Kung gusto mong makatakas dito, matuto kang magpanggap.” Inalalayan ko siya.

“Tutulungan mo ba ako? I can’t do it alone.”

“At mag-Tagalog ka kung gusto mong tulungan kita nang magkaintindihan tayo. Pers year high school pa lang ang natatapos ko. Wala pa akong sekan year kaya di kita maintindihan masyado.”

Ipinasok ko siya sa loob ng silid ko.

“Diyan ka sa kama. Matulog ka. Bukas, lahat ng

gagawin nila, gawin mo. Itatakas kita, Pamela Anne.”

Tiningnan ko siya. Kung may gagawin man akong maganda sa buhay kong patapon na, iyon ang pagpapalaya kay Pamela Anne.

KABANATA 1

Bernice Anne

“Martin Ricardo... an all-out interview. Ang panig ni Martin sa hiwalayan nila ni Bernice Anne...”

Diumano ay niloko ni Bernice Anne ang nobyong si Martin De Angelo. Ayon sa aktor, nahuli niya ang dating nobya na may kahalikang ibang lalaki sa loob mismo ng dressing room nito sa set ng, Kung Ikaw Ay Akin...”

My face reddened. Sa inis ko ay naibato ko ang tabloid na hawak ko. Ang kapal ng mukha ni Martin! Siya na nga ang nanloko sa akin tapos ako pa ang palalabasin niyang masama! I caught him cheating on me with that sixteen-year-old girl on set! Siya pala ang nakabuntis sa co-star ko na iyon. Matagal na pala niya akong niloloko. Hindi ko na nga pinalaki pa ang issue ng pakikipaghiwalay sa kanya. Kapag may press ay palagi kong sinasabing ‘no comment’ kahit na gusto kong ilabas ang lahat ng galit ko sa mundo sa kanya. Nanahimik ako tapos may ganito ngayon?!

Ang kapal ng mukha niya! Hindi pa man nagsisimula ang araw ko ay sira na kaagad! Ano’ng karapatan niyang sirain ang buong pagkatao ko? Hindi niya ako kilala! Hindi niya dapat sinisira ang pangalan kong pinaghirapan kong buuin.

Sa inis ko pati ang tasa ng kape na nasa harapan ko ay ibinato ko. Walang karapatan si Martin na gawin sa akin ito. Nagkaroon siya ng pangalan sa industriyang ito. Nanggigigil ako sa kanya at gusto ko siyang mamatay.

“Bernie, halika na at may interview ka pa sa *Kris TV* ngayon.” Napatingin ako sa P.A. kong si Pamela. She was a petite girl with a chubby figure. Ngumiti ako sa kanya at tumayo na. Napansin niya ang basag na tasa sa lapag. Tinawag niya ang maid para utusang linisin iyon. Mabilis pa sa alas kwatro na sumakay ako sa kotse at nagbuntong-hininga. Pinipigilan ko ang sarili kong umiyak. Kung anuman ang sinabi ni Martin sa press, papatunayan kong mali iyon sa interview ko sa show ni Kris Aquino.

Isa ako sa mga bankable stars ng isang sikat na TV network at hindi ko hahayaang masira ang pinaghirapan ko mula noon hanggang ngayon dahil lang sa pagsisinungaling ni Martin. Pagpasok ni Pamela ay may dala agad siyang latte para sa akin. Kinuha ko iyon at inamay lang.

“Bern, ‘wag mo nang isipin ang interview ng ex mong gago,” sabi niya.

I just sighed. Mahina ako sa ganito. I didn’t like intrigas. Ayoko nga ng nasasali ang pangalan ko sa mga petty issues. Pinasibat nila ang kotse. Nakatingin lang ako sa labas at iniisip ang mga salitang sasabihin ko sa mga tanong sa akin ni Kris Aquino. Taklesa pa naman siya at nakakabigla but I will try my best to tell her everything about my break up with Martin. Napapailing

na talaga ako.

We were stuck in traffic. Nakatingin lang ako sa labas. Iniisip ko kung anong buhay ang meron ako kung sakaling kasama ko si Martin ngayon. Walong buwan na kaming wala. Dapat ay ikakasal na kami, pero nahuli ko siya. Hindi ko kayang masikmura ang mga ginawa niya sa akin. Hindi ko kayang tanggapin na ginawa niya iyon dahil lang sa hindi ko kayang ibigay ang gusto niya.

Yes, virgin pa ako. Thirty years old ako and still a virgin. Dapat ay regalo ko iyon kay Martin, pero dahil sa hindi ko maibigay iyon sa kanya kahit binigyan na niya ako ng singsing ay hindi pa rin ako kampante. Nakatingin lang ako sa labas nang bigla akong mapangiti. I saw a man in a red suit riding his *Ducati*. Tulad namin ay nstuck rin siya sa traffic. I smiled widely. Pinakatitigan ko ang lalaki and there's something oddly familiar about him. Tumingin siya sa direksyon ko. The man sure was handsome. He seemed like a good boy who had a little angst in him. He was wearing big aviator sunglasses. Napakalinis niyang tingnan, pero bakit kaya siya nakared suit?

Napatingin siya sa direksyon ko. Tinted ang sasakyan ko kaya hindi niya ako nakikita, pero nakakatuwa siyang tingnan. Umusad ang traffic. Magkapantay pa rin kami. Habang umaandar kami ay bigla na lang nagpreno ang driver ko. I looked in front of me. Nanlalaki ang mga mata ko. Kinakabahan ako. Nerbyosa ako. Ayoko ng aksidente.

“Ako na. Stay here,” sabi ni Pamela. Tumango ako.

Lumabas si Pamela at nakipag-usap sa labas. Nanonood lang ako sa kanila, but when the man in the red suit mingled with them, I knew that I had to get out of the car. Nanginginig ang mga kamay kong lumabas ng sasakyan. I wanted to meet him and ask why he was wearing a red suit.

“Anong problema, boss?” tanong niya. His voice was deep and had a bit of darkness in it—I liked the tone of his voice.

“Ito eh! Lumiko, dapat ako muna!” sigaw ng lasing na kabilang partido. Nabigla ako nang tingnan niya ako. “Gago pala! Kaya mayabang, artista ang sakay! P*tang*na! Nalilibugan ako sa ‘yo!’” sigaw niya.

My eyes widened. Lumapit siya sa akin. Humarang ang driver ko, pero nasuntok niya ito at napaupo na lang kung saan. Malapit na malapit na siya sa akin nang bigla na lang siyang napatigil at napaupo. Bigla siyang namilipit sa sakit. Napatingin ako sa lalaki. He was grinning. Sinipa niya ang lalaki na nasa lapag.

“Ayos ka lang ba? Next time kapag may gulo, ‘wag kang lalabas. ‘Wag kayong lalabas. Hayaan ninyong siya iyong makipag-usap. Dagdagan mo ang bodyguards mo, Miss. Sige, mauna na ako.”

Gusto kong tanungin ang pangalan niya, pero hindi ko nagawa. Para bang nalulon ko ang dila ko at pinanood na lang siyang umalis. Binalingan ko si Pamela.

“Sino iyon? Did you ask for his name?” tanong ko pa. Nanlaki ang mga mata ko at nawala ang kaba ko. Napalitan iyon ng excitement. Ngayon lang ulit ako

nakaramdam ng ganito.

“Hindi, eh. Bigla na lang huminto. Ang gwapo nga. Mukha lang tanga sa suit niya. Hala! Tara! Male-late tayo! Live iyon, Bern! Baka magalit sa atin si Kristeta!” Hinatak niya ang kamay ko habang panay naman ang tingin ko sa direksyong pinuntahan ng lalaki.

I wanna know him. Paano ko kaya siya ulit makikita?

Axel John

“Ano na kaya’ng ginagawa nina Leira at Azul ngayon? Bakbakan na kaya?”

Napangisi ako nang magsalita si Ido. Nasa resort pa rin kami kung saan ginanap ang reception ng kasal nina Leira at Azul. Masayang-masaya ako para sa kaibigan kong iyon. Si Azul kasi iyong tipo ng tao na akala mo ay hindi na ngingiti kahit kailan. Hindi kasi siya expressive. Palagi lang siyang seryoso na tila ba natatae kaya hindi mo mawari ang iniisip niya. Buti ngayon at ngumingiti na siya. Nakabuti talaga si Leira para sa kanya.

Noong una ay inaayawan ko si Leira dahil gusto ko si Arruba para sa kaibigan ko. Isa pa, sinusupportahan ko si King David sa paggawa niya ng paraan. Malaki kasi ang utang na loob ko sa kanya. Nang makawala ako sa poder ni Ama at nang mabaril ako noong bata ako, ang nanay ni King David na si Queen Gwen ang kumupkop sa akin. Naging mabuti sa akin ang mag-asawang Sandoval—pinag-aral nila ako at itinuring na tunay na

anak. Kaya lang, ang lahat ng tulong ay may kapalit.

Nalaman ng tatay ni David kung ano ako sa lansangan noon kaya ginamit niya ang background kong iyon para sa personal niyang interest na hindi ko naman tinanggihan. Para sa akin, iyon ang katumbas ng lahat ng ginawa niya para sa akin. Mula noon, naging kadikit ako ni Congressman na kalaunan ay naging Senador.

I was sixteen when I first killed someone. Pinatay ko iyong mahigpit na kaaway ni Congressman, na naging dahilan ng pagkakabuo ng tiwala niya sa akin. Hindi ako nagsisisi doon. Basta ang alam ko, kailangan kong gawin iyon para sa ikabubuti ng lahat. Naging napakaayos ng relasyon namin ni Congressman. Nang mamatay ang asawa niya ay ako na lang din ang naging kasa-kasama ni King David. I treated him as my brother. Minahal namin ang isa't isa na parang magkapatid. Pinangako ko sa puntod ng nanay niya na aalagaan ko si King David kahit na anong mangyari sa aming dalawa.

I looked out for him and tried to give him everything he wanted.

Kaya ganoon na lang ang tigas ko sa pagkampi sa kanya kahit na alam kong masasaktan si Azul o si Leira.

“Kaya lang kung bakbakan na, baka dumugo iyong p*kpek ni Leira,” naiusal ko. I looked at Ido and Judas who was sitting beside me. Suot pa rin namin ang colorful suits na ipinasuot sa amin ng demonyang kapatid ni Azul. Mukhang napagtripan lang kami.

“May asawa ni si Simoun. Hindi na tayo ang priority,” sabi pa ni Ido.

“Inggit ka na naman,” sabi ko habang lumalagok ng alak.

“P*tang*na, noon laging tayo, pero ngayon may Leira na. Hindi ko naman pwedeng ibahin at nakita kong masaya siya.”

Tumango na lang ako. Mayamaya ay nagpaalam ako sa kanila na pupuntahan si King David. Kanina pa kasi siya wala at nag-aalala na ako sa kanya. I found him at the terrace, standing while looking up in the sky. Tinapik ko ang balikat niya. Nakita kong hawak niya ang litrato nila ni Arruba na kuha noong Junior prom nila. He smiled at him.

“Judas said she’s getting worse. She keeps calling for Azul.” Huminga siya nang malalim. “Masakit, Ernesto,” sabi niya. “Iyong nagmahal ako, pero hindi ako sapat. Gusto ko siyang maging masaya, pero hindi naman ako ang dahilan ng kasiyahan niya. Sana gumaling si Arruba, hihintayin ko siya. Baka sakaling ako na ang piliin niya.”

“Hindi ganoon iyon.” Sumandal ako sa barandilya at tumingala. “Bakit hindi ka na lang gumalaw, David? Natatandaan mo noong mga bata tayo? Natatandaan mo iyong sinasabi ni Queen Gwen? Letting go means new beginnings, David. Aminin mo na, hindi na kasali si Arruba sa buhay na sasalubungin mo bukas. She will always be a part of your life but she’s never going to be in it—”

“Parang si Pamela Anne, Kuya?” tanong niya sa akin. Tumingin lang ako kay King David at sa isipan ko ay dumalaw muli sa aking balintataw ang imahe ng isang

batang babaeng Inglesera na nakilala ko noon. “Bakit ba hindi mo hanapin? Sinasabi mong hindi mo alam kung saan magsisimula, bakit hindi ka magsimula sa lugar kung saan kayo huling nagkita? Bakit hindi mo puntahan si Ama sa kulungan? Baka alam niya kung nasaan siya. Baka alam niya kung ano’ng pangalan niya.”

Hindi ako nakakibo. Sa totoo lang ay natatakot ako. Natatakot akong hanapin si Pamela Anne dahil baka hindi na pala siya iyong Pamela Anne na naging kaibigan ko—iyong Pamela na minahal ko. Siya kasi ang first love ko. Siya ang unang nagsabi sa akin na baka pwede niya akong mahal. Itinakas ko siya noon dahil gusto ko siyang magkaroon ng magandang buhay. Nangako kami sa isa’t isa na hindi kami mawawala sa buhay ng isa’t isa, pero hindi naman natupad dahil nang makuha siya ni General ay hindi ko na nakita pang muli si Pamela Anne. Ni hindi niya ako binalikan. Hindi ako galit sa kanya, pero naghintay ako sa pagbabalik niya. Masakit. Hindi iilang beses na niyaya ko si King David sa lugar kung saan huli ko siyang nakita, walang bakas ng Pamela Anne ko.

“Hahanapin ko rin siya, kapag handa na ako... ‘Wag ka nang makulit. Hindi ko pa alam kung kailan iyon.”



“Pamela Anne, gumising ka! Kailangan na nating magtrabaho.”

Tinapik ko ang balikat ng babaeng ito. Siya na nga ang umuokupa sa higaan ko, may gana pa siyang kunutan ako ng noo.

“Hoy!”

“Five minutes!” Sinigawan niya ako. Napangitwi naman ako. Hindi ko talaga maintindihan ang babaeng ito. Sa ilang linggo niyang pananatili dito ay hindi niya pa rin alam ang aming routine. Kailangan niyang gumising ng maaga para hindi siya pagalitan ni Ama pero heto siya, nakahilata pa rin.

“Pamela Anne! Igalaw ang katawan!” sigaw kong muli. Bigla siyang bumangon at inirapan ako. Hindi naman siya mapakali. Bigla siyang tumayo, hindi siya naghilamos at lumabas na lang bigla. Napapailing na lang ako habang nakasunod sa kanya. Hindi na kami sumabay sa mga batang sasakay sa van, naglakad na lang kaming dalawa at nang marating ang pwesto ay tumayo kami.

“Kita mo iyong magsyota. Kukunin ko iyong bag n’ong babae, linlangin mo,” sabi ko sa kanya. Tumango siya sa akin. Gumagaling na sa panlalansi ang babaeng ito. Nakakasanayan na niya siguro. Hindi naman iyon problema dahil sa ginagawa niya, lumalaki ang kita namin at palaging kami ang may pinakamalaking parte ng manok sa hapag-kainan.

Tumayo si Pamela Anne sa harapan ng magsyota at bigla na lang niyang inaway ang lalaki. Ako naman ay unti-unting lumapit. Agad kong nakuha ang wallet at sinenyasan si Pamela na tumakbo palayo. Hingal-kabayo kami. Hinabol kasi siya noong babae para sabunutan.

“Nakuha n’ong babae iyong cap ko. Bigay sa akin ni General iyon,” sabi niya pa. Habang naglalakad kaming dalawa ay naisipan ko siyang tanungin.

“Totoong General ang tatay mo?”

“Oo, pulis siya. General. Kagalit yata niya si Ama kaya kinuha ako. Ang problema hindi ko naman alam kung paano babalik. At mukhang hindi rin ako makakatakas dahil binabantayan ang barwat paligid natin saka ikaaw, nakabantay ka sa akin. Loyal ka sa kanya, isusumbong mo ako. Ayokong mamatay. Gusto ko pang maging sikat na artista.”

Napatawa ako. Ang daming pwedeng pangarap, pero gusto niyang maging artista. Napailing na lang ako.

“H’wag mong tawanan ang pangarap ko. At least ako may pangarap. Ikaaw, ano’ng pangarap mo?” tanong niya pa.

Hindi ako nakasagot. Sa totoo lang ay wala akong pangarap. Okay na sa akin ang buhay na meron ako. Paano pa ako aasenso? Hindi naman ako tapos mag-aral.

“Pangarap kong makakain ng hotdog,” sabi ko. Napatingin sa akin si Pamela Anne.

“Anong hotdog? As in iyong Tender Juicy?”

Nakakahiya man ay tumango ako. “Hindi pa ako nakakakain ng hotdog, palagi kasing manok o baboy o tuyo o itlog ang ulam namin. Gusto ko ng hotdog at bacon. Iyon ang pangarap ko...”

Nang tingnan ko siya ay nakita kong napanganga siya habang tila ba naluluha. Hindi ko alam kung bakit. May nakakaiyak ba sa pangarap ko?

KABANATA 2

Axel John

“Saan mo nga sabi dinala iyong pera?!”

Napapikit ako nang makita kong sampalin ni Ama si Pamela Anne. Nakaluhod na siya sa harap ni Ama. Dumugo na ang bibig niya, pero hindi niya pa rin sinasabi kung saan niya dinala ang perang nadilihensya niya nitong nakaraang linggo.

Isang linggo ko na kasing napapansin na hindi siya nag-iintrega ng pera. Para hindi siya maparusahan ay hinahati ko ang kita ko para sa aming dalawa at sinasabi na pinagtulungan namin iyon. Medyo lumiit na nga lang ang kita ko at hindi na ako nakakakain ngayon ng malaking parte ng ulam, pero ayos lang basta maayos si Pamela Anne.

Pero nahuli rin siya ni Ama. May nagsabi kay Ama na tinatago ni Pamela ang perong kinikita niya mula sa pang-snatch ng wallet. Wala akong alam sa nangyayari. Ang akala ko wala talaga siyang kita.

“Saan?!”

“Wala kang pakialam dahil ako naman ang nagpapakahirap doon! Iniipon ko pang-load o pantawag para malaman na ni General kung nasaan ako!”

Lalo lang siyang sinaktan ni Ama. Nakita kong kumuha si Ama ng matabang pamalo at iniaktong ipapalo kay

Pamela. Agad naman akong dumaluhong para takpan ang katawan niya. Sa likod ko tumama ang pamalo.

“Axel John!” suway niya sa akin. Tumingin ako.

“B-balato mo na sa akin, Ama. Ako na’ng bahala sa kanya!” giit ko. Tinitigan niya ako ‘tapos ay sinenyasan niya ang iba na magpunta na sa kusina para kumain.

Inakay naman ako ni Pamela papasok sa silid naming dala-wa. Magkasama kami sa kwarto. Wala kasi siyang sinasamahan sa lugar na ito kundi ako lang. Sabi nga niya, kami na ang magkaibigan, kami ang magkaramay, kami ang magkabagang.

Iniuipo ko siya sa kama at saka pinakatitigan. Hindi ko kayang intindihin ang utak niya. Pilit kong iniisip kung paanong paraan ko siya matutulungan. Naaawa ako sa kanya. Gusto ko siyang itakas, pero hindi ko naman kayang mangako sa kanya ng kahit na ano. Lumabas ako ng silid namin at nang bumalik ako ay may dala akong yelo na ibinalot ko sa plastic. Ibinigay ko iyon sa kanya.

“Ano ba’ng iniisip mo? Bakit sinabi mo na para sa pagtakas mo ang pera? Bakit ba gusto mong makatakas? Bakit hindi ka na lang makuntento sa buhay na ito?”

Gusto kong magalit sa kanya, pero hindi ko naman magawa. Naaawa pa rin kasi ako sa kanya. Naaawa ako dahil alam ko ang pakiramdam na gusto niyang makatakas dito—na hindi siya kontento sa kung ano’ng meron dito. Alam ko na gusto niyang makabalik sa pamilya niya.

Doon kami nagkaiba. Wala naman kasi akong babalikang pamilya. Hindi nagsalita si Pamela Anne sa akin. Tumagilid na lang siya at nahiga sa kama. Marahil

ay umiiyak siya at iyon ang dahilan ng pag-alog ng kanyang mga balikat. Nakatulugan ko na ang ganoong sitwasyon namin.

Hindi na ako nagtanong sa kanya. Kung ano na lang ang trip niya ay sige na lang sa akin basta iingatan niya ang sarili niya. Kunsabagay ay parang hindi ko na rin naman siya kayang pabayaang dahil nga sa magkadikit na ang aming mga bituka.

Kinabukasan ay nanibago ako dahil mas nauna pang nagising sa akin si Pamela. Nadatnan ko siya sa labas na nakikipag-usap sa iba pang yagit. Nang makita niya ako ay sumama na siya sa aking lumabas. Nakaladlad ang mahaba niyang buhok at hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nagsasalita. Hindi ko naman alam kung paano ko sisimulan ang sasabihin ko sa kanya kaya hinayaan ko na lang.

Pumwesto kami sa may Luneta. Magkalayo kaming dalawa ngayon. Ako ay pasimpleng sinusundan ang isang babaeng may dalang malaking bag at 3310 na cellphone. Nang mag-isa na siya ay binangga ko siya sabay kuha ng bag at cellphone niya. Nagsisigaw siya, pero mabilis ako. Hindi ako nahabol ng kahit na sino. Pagliko ko naman sa may eskinita ay nakita ko si Pamela Anne na may harwak na ring backpack at iniisa-isa ang mga gamit noon.

“Kanino iyan?” tanong ko.

“Doon sa magsyotang nag-away. Hindi nga nila napansin na nakuha ko na ang gamit nila.”

Hindi ko masyadong binigyang pansin ang sinasabi ni Pamela Anne. Ininspeksyon ko ang bag na dala ko at nang

makita ko ang wallet doon ay hinati ko ang pera sa aming dalawa. Ibinigay ko sa kanya ang isa, tapos ay tinitigan niya ako.

“Wag na. Sa ‘yo iyan. Ibigay mo kay Ama para mas malaki ang makain mong parte ng manok ngayon.”

“Bakit mo ba ito ginagawa? Nakatingin sila sa ‘yo, baka mamaya magsumbong sila at ibartolina ka na.”

“It’s okay. Ay! Tara, Axel, punta tayo doon sa may kabilang park! Maraming parokyano doon!”

Wala akong nagawa kundi ang sundan na lang siya. Sabi ko nga kabit anong trip ni Pamela Anne. Tumaawid kami ng daan. Mukhang ayos naman na siya. Masaya na siya kabit namamaga ang pisngi dahil sa sampal ni Ama. Habang naglalakad kami ay hinawakan niya pa ang kamay ko.

“Doon tayo, Axel!” sigaw niya. Tinuro niya ang parte ng park na maraming lobo. Sumunod na lang ako. Ang labo talaga niya. Trese anyos na, gusto pang bumili ng lobo. Tumapat ako sa nagbebenta ng lobo. Naramdaman kong binitiwang ni Pamela ang kamay ko. Sinundan ko siya ng tingin. Nasa isang stall siya ngayon. Sumunod ako sa kanya.

“Ano’ng bibilhin mo?” tanong ko. Tumingin siya sa akin na para bang nagpipigil ng iyak.

“Hotdog. Tutuparin ko ang pangarap mong makakain ng hotdog.”

Napanganga ako. Mula sa bulsa niya ay inilabas niya ang plastic na puno ng pera. Binilang niya iyon sa harap ko at ibinayad lahat sa lalaki sa stall.

“Tapatan mo ng hotdog mo ang pera ko. Gusto ko iyong

mabubusog si Axel.”

Nang muli niya akong tingnan ay umiiyak na siya. Hindi ko alam kung para saan ang luhang iyon. Sa pag-iyak niyang iyon ay niyakap niya ako—mahigpit na para bang imbes na hindi ako makahinga ay natutunaw ako. Natutunaw ako na parang yelo. Nanginginig ang tubod ko.

“Axel, itakas mo ako dito—hindi—tumakas tayo. Kapag nakaalis tayo dito, isasama kita sa tatay ko. Alam kong tutulungan ka niya. Hindi kita pababayaan. Gusto kitang maging masaya at ibibigay ko sa ‘yo ang lahat, Axel John. Naririnig mo ba ako?”



“Pamela Anne, takbo!”

Bang!

“Axel!”

“Tumakas ka na! Habarangin ko sila! Babalikan kita! Takbo!”

“Axel!”

Bang!

“Axel!”

Napabalikwas ako ng bangon. Hinihinal ako. Hindi ako makahinga at napakabigat ng dibdib ko. Bumalik na naman sa akin ang panaginip kong iyon. Iyon ang huling araw na nakita ko si Pamela Anne. Nabaril ako kaya hindi ko na siya nabalikan. Hindi ko na natupad ang pangako ko sa kanya na babalikan ko siya at magsasama kami habambuhay bilang magkaibigan.

Hindi ko alam kung paano na ang buhay matapos ang gabing iyon. Mabuti na lang at tinulungan ako ng

nanay ni King David at pinalaki nang maayos. Sa puso ko ay hindi ko kahit kailan nakalimutan si Pamela Anne. Dala ko siya sa dibdib ko. Dala ko siya kahit saan ako magpunta. Dala ko ang mga alaala niya.

Hinilot ko ang aking sentido at napatingin sa gilid ko. I found a naked woman sleeping beside me. She looked tired. Huminga na lang ako nang malalim. Her name was Pamela and I met her in a bar earlier that evening.

Ewan ko ba. Palaging Pamela ang mga babaeng naiuwi ko. Siguro dahil hanggang ngayon ay umaasa ako na sa lahat ng Pamela sa mundo, isa doon ang tunay na Pamela ko. Pero wala. Wala ni isa sa mga babaeng iyon ang Pamela Anne ng buhay ko.

Bumangon ako at hindi na inistorbo ang babaeng nasa kama ko. I checked my phone for any text message from the Little King—pero mukhang panatag naman ang buhay ni King David sa ngayon.

Bumaba ako ng hagdanan at nagtuloy sa kusina. Kumunot ang noo ko nang may marinig akong kaluskos mula sa kusina. Kinuha ko agad ang baril ko at dahan-dahang naglakad patungo roon.

“P*tang*na, Ido! Ang gago mo, ikaw lang pala!”

Lumington si Ido sa akin. Kasalukuyan niyang binubuksan ang mga cupboards ko. Napakamot ako ng ulo.

“Tang*na ka din! Mag-boxers ka! Nakabuyangyang iyang alaga mo! Lupaypay naman!”

“Natural, pagod! Napasabak sa bakbakan.”

Ngumisi si Ido. “Let me guess, another Pamela?” I just grinned. “Mag-shorts ka naman, Axel!”

“Nakita mo na ito! Gusto mo hawakan mo pa!”

“Ang gago mo!” sabi pa ni Ido. Napailing na lang siya at patuloy siya sa kung anong hinahanap niya. Nagtaka na ako kaya nagtanong na rin ako

“Ano’ng hinahanap mo?”

“Condom. Naghihintay sa bahay iyong kabakbakan ko. Wala akong condom.”

“Eh, bakit hindi ka bumili sa *7-Eleven*?”

“Hassle, malayo. Dito na lang. Alam ko may stock ka.” Hindi naman nagtagal ay nakakita na siya ng condom at kinuha na rin niya iyon. Hindi na siya nagpaalam sa akin. Basta na lang siyang umalis. Naiwan na naman ako. Napabuntong-hininga ako habang umiinom ng tubig.

Kung lahat siguro ng Pamela Anne sa mundo ay tinanong ko at inangkin kong akin, nabaliw na rin siguro ako tulad ni Arruba.

Hindi na ako nakatulog noon. Nilinis ko na lang ang mga baril ko. I was a retired assassin. Si Ido ang kasama ko sa gawaing iyon, pero siya na lang ang natira. Sa ngayon, ako ang nag-aasikaso ng isa sa mga negosyo ng tatay ni King David. Kay David ang legal, akin ang hindi mga legal. Iyon ang hatian naming dalawa.

Alas otso ng umaga nang makita kong pababa ang babaeng iniuwi ko. Walang salitaang namagitan sa amin. Basta na lang siya umalis. Wala pa rin akong suot na kahit na ano—wala naman akong dapat ikahiya—maganda ang katawan ko. All muscles kaya ‘to!

Pagkaalis ng babae ay tinawagan ko naman si Ido at pinapunta siya sa bahay. Sinabi kong samahan niya akong dalawin si Queen Gwen. Si King David sana ang isasama ko, pero hindi ko naman siya matawagan kaya si Ido na lang ang. Ayoko kasing nagpupunta sa sementeryo nang nag-iisa. It freaked me out. Iyon ang isa sa kinatatakutan ko sa buhay.

Nine-thirty nang dumating si Ido. Bihis naman na ako noon. Kumain muna kami ng almusal bago umalis. He was telling me about his bakbakan session last night. Natatawa lang naman ako.

“Hindi marunong kumain. Akala ko mababalatan ang alaga ko. Tang*na! Inaalagaan ko si Gaston, nilalagyan ko pa ng baby powder ‘tapos babalatan lang niya. Barilin ko siya!”

Napahagikgik ako. Malibog si Ido. Lahat naman yata kami. Si Azul lang ang tahimik sa amin pagdating sa sex life niya. Kahit na ano’ng gawin namin noon, hindi namin mapaamin kung ano’ng ginagawa niya.

Nakarating kami agad sa sementeryo. Bumaba ako ng kotse at agad na kinuha ang bulaklak na dala ko. Dalawa kami ni Ido na tumayo sa puntod ni Queen Gwen. Paiyak na ako nang bigla kong marinig ang isang sigaw na nakapagpayanig ng buong pagkatao ko. Ido heard it, too. Inilabas niya ang .45 mula sa likod niya. Ako naman ay pumunta sa kotse para kunin ang shotgun ko.

Sinenyasan ko si Ido. Kinakabahan ako. Baka may gusto na namang pumuntirya sa amin. Noong nakaraang

taon ay gusto kaming patayin ng tyuhin ni KD, pero inunahan na agad siya ni Ido. Ngayon comatose ang matanda at hindi alam kung kailan gigising.

“Tulungan ninyo ako!”

Nagkatinginan kaming dalawa. Tumakbo kami ni Ido patungo sa direksyon na iyon at ganoon na lang ang gulat ko nang makita ko ang isang babae na ibinabaon sa lupa ng buhay. Nagpapatok ng baril si Ido. Tinamaan ang isa sa binti. Hinarap kaming dalawa at pinagbabaril Nagtago kaming dalawa sa puno ng acacia. Bumaril ako kahit ko hindi ko nakikita ang pinatatamaan ko.

Mayamaya ay nawala na ang putok ng baril. Nakahandusay na ang tatlong lalaki sa damuhan. Agad ko namang dinaluhan ang babaeng iyon na inilagay nila sa kabaong. Tinulungan namin siya ni Ido na lumabas mula doon. Iyak siya nang iyak. Wala naman akong magawa.

“Help me...” she said. “Help me...”

Kilala ko siya...

“P’re, di ba siya iyong artista? Si Bernice Anne?” tanong ni Ido. Pinakatitigan ko siya. “Baka naman taping ito ng *Kung Ikarw ay Akin.*”

“Help...” She was sobbing.

Habang nakatingin ako sa kanya ay wala akong ibang naalala kundi ang batang babaeng minsan ay naging parte ng buhay ko...

Si Pamela Anne.

KABANATA 3

Bernice Anne

“Masarap?”

Namimilog ang mga mata ko habang nakatingin kay Axel John. Nakangiti lang ako. Hindi ko nga maintindihan kung bakit napakalaking bagay para sa akin ang pagbili ko ng hotdog para sa kanya. Mukhang masayang-masaya siya dahil halos maubos na niya ang fifty pieces ng hotdog na binili ko. Puro ketchup na rin ang kanyang mukha ngunit parang hindi naman niya pansin iyon.

Nakaupo lang kami sa ilalim ng puno ng mangga habang nagtatawanan at kumakain. Hindi namin inaalala ang masaklap na buhay na tinatahak o urwian namin mamaya. Para sa akin, ang makakain si Axel John ng hotdog ay sapat na para muli akong umasa na makakabalik ako sa amin.

“Ganoon pala iyong lasa noon, parang ang juicy.”

Napapalalapak ako sa komento niya. Pakiramdam ko ay isa akong batang kasali sa reality show tapos siya ang judge tapos sinasabi niya na masarap ang garwa ko. Naisip kong ang susunod kong bibilhin para sa kanya ay ang bacon. Ibibigay ko lahat kay Axel John.

“Next time, bacon naman,” sabi ko pa.

“Wag na, Pamela Anne. Baka kung saan mo na naman kunin ang pera. Sabihin mo, ito ang dahilan ng pagtatago

mo ng pera ano? Bakit mo iyon ginawa? Ang akin ay pangarap lang. Hindi mo na dapat itinago ang pera mo para lang maibili ako ng hotdog. May hotdog din ako, may dalawa pang itlog.”

Hindi ko ma-gets ang sinasabi niya, pero umiling ako.

“Napakasimple lang ng pangarap mo. Hindi ko pa ba naman iyon ibibigay? Alam mo, Axel John, wala akong kaibigan. Kung tutuusin, ikaw ang una kong naging kaibigan. Ayaw kasi akong palabasin ni Papa ng bahay namin. Masyado daw delikado. Home-schooled ako. Iyon nga lang sa unang paglabas ko ng bahay, nakidnap pa ako. Ang malas lang, pero hindi ko na iisipin na minalas ako, naging kaibigan kita. At masaya ako dahil doon.”

Ngumiti ako sa kanya. Halos ubos na niya ang hotdog na binili ko para sa kanya. Lumapit ako sa kanya at niyakap siya. Gusto ko ng init ng katawan ni Axel John. Pakiramdam ko ay hindi ako mag-isa.

Ang papa ko ang bise-presidente ng bansa. Mayaman ang pamilya namin. Ngunit kasabay ng kayamanan at kapangyarihan na meron kami ay ang katotohanan na napakaraming kaaway ang nakapaligid sa amin. Hindi ko masabi kay Axel John ang totoo dahil ang mahigpit na bilin sa akin noon ni Mama ay ang tumahimik. The people around us called my father The General because before entering politics, he was a general at the Philippine National Police.

Maraming kaaway si Papa—at marahil ay isa na si Ama sa mga kaaway niya kaya kinuha nila ako. Gusto kong makabalik sa amin. Sa tagal ng panahon na hindi ako nakalabas ng bahay at sa tagal ng panahon na naglagi kami

ng mama ko sa America ay hindi ko talaga alam kung paano ako babalik sa amin kaya kailangan ko ang tulong ni Axel John. Gusto ko siyang kaibigan. Alam kong poprotektahan niya ako. Ngayon pa nga lang ay hindi na niya ako pinababayaan kaya sigurado ako na mapagkakatiwalaan siya.

“Gagawa ako ng plano, Pamela Anne. Itatakas kita.” Kinindatan niya ako. I nodded at him. Pakiramdam ko talaga ay poprotektahan niya ako kahit na ano pa man ang mangyari sa aming dalawa...

Nagising ako na ang sumalubong sa akin ay ang kulay pula at puting pader ng silid na iyon. Hindi pamilyar sa akin ang paligid kaya kinabahan ako. Sinuri ko ang sarili ko. T-shirt na lang na kulay puti ang suot ko—wala akong bra, pero may panty ako. Kinabahan ako. Nasaan ako? Bakit hindi ko matandaan kung ano’ng nangyari? Ang huli kong natatandaan ay hinarang ng mga armado at di-kilalang lalaki ang sasakyan ko sa hi-way. Binaril nila ang lima kong bodyguards at ang driver ko ‘tapos ay kinuha nila ako at dinala sa sementeryo. Ang alam ko ay pilit nila akong ibinabaon ng buhay. Putukan na ang sumunod na natandaan ko.

Hanggang sa magising ako dito ngayon...

“Gising ka na pala.”

Napatitig ako sa pintuan nang bumukas iyon at mula doon ay lumabas ang lalaking may perpektong kagwapuhan. Kilala ko siya. Siya iyong lalaking nakared suit na nakasakay sa *Ducati* noong nakaraang linggo.

“Sino ka?”

“Ako ang dapat magtanong niyan sa iyo. Sino ka at bakit ka kinuha n’ong mga lalaking iyon?” tanong niya sa akin. Magkasalubong ang dalawang kilay niya at tila ba inip na inip na siya.

Hindi ko alam kung ano’ng isasagot ko sa tanong niya dahil kahit ako ay walang ideya kung bakit kinuha ako ng mga lalaking iyon. Maaaring may kinalaman kay Papa ang misyon nila o talagang maraming galit sa akin dahil sa kasikatan ko. Hindi naman ito ang unang beses na napahamak ako dahil ako si Bernice. Maraming naiinggit sa akin. Bukod sa mayaman talaga ang pamilya ko ay talented pa ako.

“Hindi ko alam. Sino ka ba? Bakit nandito ako?”

“I saved your life,” he said. “Kung hindi dahil sa akin at sa kaibigan ko, wala ka dito ngayon. Hindi ka sana buhay. Kaya kaysa sa sungitan mo ako, sabihin mo na lang sa akin kung sino ka talaga, Miss Bernice Anne?”

“Bulabog,” sabi ko.

“Ha?”

“Ako si Bernice Anne Bulabog.”

“Pinaglololoko mo ba ako?” Tila nanggigil siya.

“Ano’ng magagawa ko kung iyon ang apelyido ng tatay ko?! My father is the—”

“Former vice president of this country? Rolando Bulabog, Jr.”

“Yes...” Nagyuko ako ng ulo. “Ano pa’ng tanong mo?”

Nakita kong nakangisi siya. Parang nakakaloko ang ngisi niyang iyon—parang hindi gagawa ng mabuti.

“Do you know Senator Saul Sandoval?”

“Nakakulong na siya, di ba?” Nanginginig ang kalamnan ko. Bakit niya tinatanong sa akin ang mga bagay na ito.

“Your father sent Senator Saul Sandoval to jail. And he happens to be my best friend’s father. And you being here, isn’t a coincidence. Hindi kita ibabalik sa inyo hangga’t hindi nakakalaya si Senator. Sa madaling salita, Miss Bulabog, you are my hostage and you will stay here as long as I want. You will do everything I say or else, I will kill you, your father and your whole family. Sisiguraduhin ko na mabubura ang mga Bulabog sa mapa ng Pilipinas.”

Napasinghap ako. Nakakapaso ang bawat katagang binitiwang niya. Napalunok ako at pilit kong itinago ang sarili ko sa loob ng kumot ng kamang iyon. Ngumisi siya sa akin. Para akong nakakita ng demonyo...

Axel John

“Pwede kang mangarap. Saka taasan mo, libre naman kasi iyon, Axel John.”

“Pangarap kong maging Barangay Tanod!”

“Hindi! Mas mataas pa doon!”

“Okay! Gusto kong yumaman, Pamela Anne! Papatayo kita ng palasyo! Doon kita ititira dahil kapag dalaga ka na at magkasama pa rin tayo, gagawin kitang akin. Ang totoo,

pangarap kong maging pangarap mo.”

“Axel... nasaan kako iyong babae?”

“Alam mo ba na anak siya n’ong nagpakulong kay Papa?” tanong ko kay Ido.

Sinabi ko na rin kay King David ang nadiskubre ko kaya alam kong mayamaya lang ay nandito na siya sa bahay para makita ang regalo ko sa kanya. Ibibigay ko sa kanya si Bernice Anne. Siya na ang bahala sa kung ano’ng gusto niyang gawin. If he wanted to bed her, KD can do that. Walang hawak na alas sa amin ang kampo ng mga Bulabog dahil hindi nila alam kung nasaan si Bernice Anne.

“Ano’ng gagawin ninyo sa kanya?”

“Bahala ang bata doon. I have done this before. King David knows what he wants.” Tumango na lang si Ido sa akin.

“Basta malinis. Mawawala nga pala ako ng ilang araw. May kliyente ako sa Slovenia. Kailangan nang mawala ng prime minister nila.”

Hindi na ako nagsalita. Alam ko naman na sa oras na magawa ni Ido ang misyon niya ay babalik siya at bubulabugin na naman niya ako. Nagpaalam na si Ido at naiwan ako sa sala na iniisip si Pamela Anne. Hindi ko alam kung ano’ng meron sa babaeng iyon at pinapaalala niya sa akin ang kabanatang iyong ng buhay ko.

Madalas ko namang maalala si Pamela Anne, pero mas napapadalas ngayon ang pagka-space out ko at ang pag-alala sa kanya. Kung dati ay panaka-naka lang, ngayon ay panay ang dalaw niya sa aking panaginip.

Maski gising ako, pakiramdam ko ay tinatawag niya ako. Pakiramdam ko ay nasa tabi ko lang siya at hinihintay akong lumingon para hanapin siya.

“Axel!”

Humahangos na pumasok si King David sa bahay ko. “Nasaan ang anak ng p*tang*nang iyon!”

Tinuro ko ang itaas. “Ikaw na’ng bahala.” Ngumisi ako at ngumisi rin si KD. Alam ko naman ang gagawin ni King David sa kanya. Wala akong magagawa. Ganti na lang sa ginawa ng tatay niya sa tatay ni King David. Hindi ko mapipigil ang magaganap.

Kumuha ko ng isang bote ng whiskey at sinimulang ubusin iyon. Hindi nagtagal may narinig akong hagulgol mula sa silid sa itaas.

“Pa-parang a-awa m-mo n-na... ‘Wag!”

Nakarinig ako ng pagkalabog. Marahil ay sinampal ni KD ang babae.

“Ahhh! ‘Wag! M-maawa ka!”

I took another shot. I closed my eyes and suddenly my Pamela was inside my brain again.

“Gagawin kitang reyna ng aking palasyo, Pamela Anne. Hibingin ko ang kamay mo sa tatay mong general.”

“Ahhh! Tama na! Please! ‘Wag!”

Puro hagulgol ang sumunod kong narinig. Isang kalabog na naman ang sumunod.

“Axel John... kapag nakatakas tayo, sumama ka sa akin... Axel! Axel! Hindi ako aalis nang hindi ka kasama!”

“P*tang*na!” I mumbled. Hindi ko alam kung ano’ng sumanib sa akin at tumayo ako. Umakyat ako sa itaas

at saka tumuloy sa silid kung nasaan si King David at Bernice Anne. Naka-lock ang silid, pero buti at dala ko ang susi para mabuksan iyon. Nang makapasok ako ay tumambad sa akin si King David na sinampal ang babae habang halos hubad na siya. Duguan ang labi niya at iyak nang iyak.

“M-ma-awa ka... w-wala a-akong k-kasalanan...” umiiyak na bulong niya.

King David looked at me.

“Bitaw,” sabi ko. “Bitaw!” sigaw ko nang hindi siya sumunod. Tumayo si KD at lumabas ng kwarto. Sinundan ko siya.

“Ang labo mo, Axel! Tang*na! Gagahasain ko na para may alas na ako kay Bulabog para makalaya na ang tatay ko! I’ll take her photos and leak it on the Internet. Ivi-video ko pa nang mapahiya naman ang angkan nila tapos sasabihin mo sa akin bitaw? Nasaan ang hustisya?”

“Hindi sa ganitong paraan, King David,” sabi ko. “Tandaan mo na ayaw na ayaw ni Queen Gwen ang nananakit at gumagamit ng pwera,” mahinang usal ko. KD walked out at the mere mention of his mother’s name.

Binalikan ko ang babae na yakap-yakap na ang sarili sa pagkakataong iyon. Iyak siya nang iyak.

“Ibalik na ninyo ako...” usal niya. Lumuhod ako para haplusin ang pisngi niya. “Huwag...”

“Wala akong gagawin. Gagamutin ko ang pasa mo...”

“Hindi kita kilala...” sabi niya.

I sighed.

I smiled.

“Ako si Axel John...”

Dahan-dahan siyang nag-angat ng ulo at saka lalong humagulgol. Yumakap siya sa akin at umiyak sa balikat ko.

“Wag mo akong iwan. Natatakot ako...”

KABANATA 4

Bernice Anne

Mukha siyang mabait.

Pinagmamasdan ko lang si Axel John habang ginagamot niya ang mga pasa ko. Pinipigil ko ang mapangiti. Natutuwa kasi ako sa pagkakakunot ng kanyang noo habang seryoso niyang nilalapatan ng lunas ang aking pasa sa mukha. Axel John ang kanyang pangalan. Naalala ko iyong kakilala ko noon na si Axel John na ang pangarap ay simple lang. Si Axel John na may mabuti puso. Ang Axel John ni Pamela Anne.

“Wag mo akong tingnan ng ganyan. Baka main-love ka sa akin.” Seryoso ngunit alam kong biro niya. Ibinaba niya ang kamay niya at tiningnan ako.

“Siguro mga ilang araw mula ngayon, maayos na iyang sugat mo. Swerte ka pa rin at nagbago ang isipan ni King David,” komento niya pa.

Alam ko na kilala niya ang lalaking nagtangkang gumahasa sa akin. Alam kong kaisa siya sa planong iyon, pero hindi ko maipaliwanag kung bakit pinigilan niya ang pangyayari. Alam kong may mabuti siyang puso tulad ni Axel John noon.

Magkatukayo sila at alam kong iisa ang ugali. Napaisip ako. Kung nabuhay kaya ang Axel John na kilala ko noon, ano na kaya'ng hitsura niya? Kasing-

gwapo niya kaya ang Axel John sa harapan ko ngayon? May abs din kaya siya? Kahit hindi ko man nakikita nang harapan, alam kong may abs siya. Napakaganda ng hubog ng katawan niya. Kung papasok din siya sa pag-aartista, papasa siyang hunk.

“Bakit mo ako iniligtas?” Hindi ko matiis. He just sighed. May kung ano sa mga mata niya na hindi ko maipaliwanag. Umiling siya na tila ba ayaw niyang sagutin ang katanungan ko. Isa-isa niyang iniligpit ang mga bulak na ginamit niya. Ipinasok niya iyon lahat sa first aid kit ‘tapos ay tumayo na siya. Nakasunod lang ako ng tingin sa kanya.

“Hindi muna kita ibabalik sa inyo. Hawak kita ngayon. Gagamitin ka naming alas sa tatay mo para mapalaya si Senator,” pagbibigay-alam niya.

Hindi naman ako nakasagot. Iniisip ko ang mga commitments ko. Paano na ang taping ko? Ang shooting ng commercial ko? Paano na ang pictorial ko sa *FHM* at sa *UNO*? Ano na’ng mangyayari sa P.A. ko? Ano’ng sasabihin ko sa manager ko at paano na ang issue kay Martin? Ang hirap-hirap maging anak ng tatay ko. Palaging nasa panganib ang buhay ko.

Kaya nga noong bata ako, mas pinili namin ni Mama ang tumira sa Amerika kaysa mabuhay kasama si Papa. Papa would go and visit us every Christmas. Doon siya kapag may okasyon o kaya man ay tuwing birthday naming magkakapatid. Nauwi lang kami sa Pilipinas noong twelve years old ako at minalas pa ang pamilya ko noon.

Hindi ito ang unang pagkakataon na may kumuha sa

akin o iba ko pang kapatid. Kahit si Mama ay nakidnap na rin. Buti na lang nakatakas siya sa tulong ng mga bodyguards niya.

Noong college ako, sinabi ko na gusto kong bumalik sa Amerika, pero hindi ko naman na nagawa. Ayaw pumayag ni Papa noon. Kami-kami na nga lang daw ay hindi pa ba kami magsasama-sama?

Three months before college graduation, na-discover ako ng isang modeling agency. Iyon talaga ang simula ko sa industriya, ang pagmomodel. Ikinagalit pa iyon ni Papa dahil paghuhubad daw iyon, pero sa ganoon ako masaya. Hindi ko kasi naiisip ang kaguluhan ng pamilya ko kapag nasa ganoong sitwasyon ako.

Pero ngayon, nangyari na naman. I was kidnapped and almost buried alive by one of my father's enemy. Nailigtas nga ako, pero hindi ko naman sigurado kung ligtas nga ako sa kamay ng lalaking mahilig yata sa kulay red.

Iniwang niya ako sa silid. Tumayo naman ako para tingnan kung ni-lock niya ang pinto. I smiled when I realized that it was open. Hindi nga yata siya masama. Muli akong bumalik sa kama at saka nagpahinga na. Hindi ko alam kung bakit ako kampante gayong alam kong malaki ang posibilidad na bumalik ang lalaking gustong gumahasa sa akin. I just sighed. I laid on the bed, still thinking about Pamela Anne's Axel John.



“Pamela! Gumising ka, itatakas kita...”

Naalimpungatan ako nang maramdaman ko ang kamay na yumuyugyog sa aking balikat. Nagmulat ako ng

mga mata at nakita ko si Axel John na nakatingin sa akin. He was smiling. May kaba akong nababakas sa kanyang mga mata, pero masaya siya. Isang taon na halos akong nakatira sa poder ni Ama. Hindi pa rin nila ako ibinabalik sa papa ko. Siguro ay hindi pa rin sila nagkakatapusan sa negosasyon, pero ako, matagal ko nang gustong bumalik.

Ang tanging dahilan kung bakit ako narito at nakakatiis ay dahil kay Axel John. Naging napakabait niya kasi sa akin at alam kong hindang-hindi niya ako pababayaan.

“Gumising ka na, itatakas na kita.”

Parang nakuryente ang utak ko sa narinig. Itatakas niya ako ngayon. Itatakas niya ako at makakabalik ako sa pamilya ko. Miss na miss ko na ang nanay ko. Bumangon ako mula sa pagkakahiga. Nakangiti si Axel John sa akin at punung-puno ng kasiyahan ang kanyang mukha.

“Halika na, habang wala pa si Ama,” sabi niya. Hinawakan niya ang kamay ko.

Sa isipan ay umaasa ako na sa pag-alis ko sa lugar na ito ay kasama ko pa rin si Axel John. Marami na kaming pinagdaanan. Sa nakalipas na isang taon ay naging espesyal siya sa akin. Naging napakasarap ng pagsasama naming dalawa. Higit pa kami sa magkaibigan, pero hindi ko siya tinitingnan bilang aking kapatid. Sa murang edad ko ay natutuhan ko ang umibig. Pag-ibig na alam kong lalawak pa sa darating na panahon.

“Sasama ka ba sa akin?” tanong ko.

“Oo naman. Hindi ko bahayaang mawala ka sa akin, Pamela Anne.” Ngumiti siya.

Kumabog naman ang dibdib ko. Narating namin ang sala kung saan nakita namin ang mga natutulog na tauhan

ni Ama. Mahigpit ang hawak ko kay Axel. Natatakot akong baka mawala siya o maiwan niya ako o baka bigla na lang kaming mahatak ng kung sino. Masaya akong malaman na makakatakas ako at magpapatuloy ang buhay ko sa labas na siya ang kasama.

Dahan-dahan kaming naglakad. Pakiramdam ko ay magnanakaw kaming dalawa na tumatakas mula sa bahay na pinagnakawan namin. Takot na takot ako ngunit napapaawi iyon dahil sa hawak ni Axel ang aking mga kamay.

Nang makababa kami ay gumilid kaming dalawa dahil nakita niyang papasok ang dalawa sa tauhan ni Ama. Nang makalampas sila ay tumakbo kami palabas. Natigilan kami pareho nang makita naming pumaparada sa harapan namin ang mga itim na sasakyan. Hinatak ako ni Axel papunta sa likod ng pasukan doon.

“Wag kang maingay,” saway niya. Pinagmasdan namin ang mga tao sa paligid. Bumaba mula sa sasakyan si Ama. Mukhang may kausap sila. May isa pang lalaking bumaba mula sa isang sasakyan. Pinakinggan namin ni Axel John ang paligid. Kinakabahan ako. Paano kung hindi kami makatakas? Humigpit ang hawak ko sa kanya. Ang bilis ng tibok ng puso ko. I couldn’t think straight.

“Nasaan ang anak ko?”

Nanlaki ang mga mata ko nang marinig ko ang pamilyar na boses ng aking ama. Halos maglupasay ako. Gusto kong sumigaw at sabihin na nandito ako at sumama na sa kanya. Alam kong kapag sinabi ko sa kanya na tinulungan ako ni Axel John ay tatanggapin niya si Axel. Ayoko nang magkalayo kaming dalawa.

“Nandito siya. Ibibigay ko na din naman sa kasunduan na bahayaan mo ang grupo ko na makapagkarga ng mga kargamento sa customs nang hindi kami iniinspeksyon. Isang pirma lang maibabalik sa ‘yo ang anak mo—”

“Boss, wala si Pamela Anne sa loob! Nawawala din si Axel John!”

Naramdaman kong tinakpan ni Axel John ang bibig ko, para bang sinasabi niya sa aking ‘wag akong mag-ingay. Naluluha ako. Makakatakas pa ba kami? Si Papa, nandito na siya. Kukunin na niya ako. Tapos na ang isang taon kong paghihirap.

“Nawawala ang anak ko?!” he hissed.

“Halughugin ang buong lugar!” sigaw ni Ama.

Bumaling ako kay Axel John. “A-ano’ng gagawin natin?” tanong kong naiiyak na. He just calmed me down.

“Aalis tayo, lalabas tayo. Aabangan natin ang paglabas ng tatay mo at ibibigay kita sa kanya.”

“Axel, hindi ako aalis dito hangga’t hindi ka kasama...”

“Sasama ako, Pamela Anne.” Ngumiti siya. “Hindi kita bahayaang mawala.”

Axel John

Hindi ako makatulog nang gabing iyon. Sa isipan ko ay naririnig ko pa rin ang palahaw na pag-iyak ni Bernice kanina. Hindi ko alam kung ano’ng pumasok sa isipan ko at sinabi ko kay King David na siya na ang bahala sa lahat. Hindi naman ako ganoon kasama.

Oo nga at nakakapatay ako, pero hindi ko kayang

makitang ginagahasa ang isang inosenteng babae sa harapan ko. May konsyensya pa rin ako at hindi ko maatim ang ginustong gawin ni King David sa kanya. Alam kong kasalanan ko rin naman iyon, kaya nga agad kong pinigil ang mga mangyayari. Inisip ko rin na kung narito si Queen Gwen o si Pamela Anne, ano kaya ang sasabihin nila sa akin?

“Hindi ka rin ba makatulog?” Natigilan ako nang marinig ko ang tinig niya. I looked back at her. Nasa terrace kasi ako ng bahay at kasalukuyang inuubos ang bote ng whiskey na binuksan ko kanina. “Mind if I join you?” she asked again.

Umiling ako. Tumabi siya sa akin. We can see the city lights from where we were standing. I was admiring the peace and serenity earlier but now, all I can hear was the frantic beating of my heart.

“Sorry kanina. Hindi dapat kita tinakot,” sabi ko.

She smiled. “Akala ko talaga mare-rape ako. Although your friend is hot, I don’t like being forced. Mas gwapo ka sa kanya. Mas gusto kita.” Ngumisi siya. The woman was clearly flirting with me. Tiningnan ko siya.

“Natutuwa ako sa ‘yo. Kapangalan mo kasi iyong guardian angel ko, kaya lang literal na siyang nasa heaven. Namatay na kasi siya.”

Humarap ako sa kanya. Mula sa kinatatayuan ko ay nakikita at naaninag ko ang buong katawan ni Bernice. She was only wearing one of my white shirts and I could see her breasts and her nipples. Bigla ay parang nagutom ako. Gusto kong kumain, pero hindi ng pagkain. Ngumisi lang ako. Malaki ang hinaharap ni Bernice

Anne. I heard rumors about some actresses having their breasts augmented and maybe she was one of them.

Lumapit siya sa akin at pinaglandas ang daliri niya sa mukha ko pababa sa leeg. She was biting her lower lip and I suddenly felt the need to take my shirt off. Para namang nabasa niya ang iniisip ko, hinawakan niya ang dulo ng t-shirt ko at tumingin sa akin.

“Can I?” There was lust in her voice.

“Sure.”

She ripped—yes, ripped—she didn’t take it off. She ripped my shirt off. Napasinghap pa siya nang makita niya ang katawan ko. It was my turn to gasp when she bent down and licked my abs. Hinablot ko naman siya para magpantay kami at mahalikan ko siya.

I kissed her and when our lips met, I suddenly remembered that familiar warmth I felt whenever Pamela Anne was near. I wondered where she was now. I wondered if she’d still think of me. I wondered if she’s still looking for me. Pero ngayon naman ang iniisip ko ay mga labi ni Bernice. They were intoxicating.

Pinaglaruan niya ang buhok ko habang ako naman ay lalong pinalalalalim ang halik na ibinibigay ko sa kanya. I wondered how many men had she kissed before. I wondered if she had her own share of sexual encounters. I wondered how wild can she be in bed... how my name would sound in her lips... how my thing would fit in her perfect little mouth.

Tulad niya ay sinira ko na rin ang damit niya. I massaged her bared breasts. Malambot. Ibig sabihin ay tunay sila.

“F*ck...” I muttered. “I wanna f*ck you. Can I f*ck you?” I said to her.

She looked at me. Para bang natigilan siya, natuliro yata at nag-isip ng isasagot sa akin. Hindi ko na siya binigyan ng pagkakataon pa para mag-isip. Binuhat ko siya—bridal style—at saka pumasok sa loob. Naglalakad kami sa hallway. I kissed her hard before she snapped out of the lust spell.

Nasa ganoong pagkakataon kami nang bigla na lamang bumukas ang ilaw sa hallway. Naibaba ko nang wala sa oras si Bernice at napatingin sa may hagdan. Nakita ko si Simoun Azul na nakangisi habang nakatingin sa amin.

“F*ck you!” sabi ko.

Bernice Anne

“Ano ba’ng ginagawa mo dito? Di ba dapat nasa Maldives ka kasama si Leira at nagse-sex?”

“Nakabalik na kami. Kahapon. Walang pagkain sa bahay kaya nandito ako. Anong pagkain mo?”

“Noong isang gabi, si Ido naghahanap ng condom, ngayon naman ikaw, naghahanap ka ng pakain. Bakit hindi na lang si Leira ang kainin mo nang matahimik ang mundo mo! Sure naman ako na nakabuyangyang lang ang p*kpek ng asawa mo!”

Parang hindi ako makahinga sa mga naririnig kong sinasabi ni Axel John sa lalaking kausap niya ngayon. Nasa may hagdanan ako at kinakastigo ko ang sarili ko

dahil halos ako na ang nagbigay ng motibo sa kanya ‘tapos ako na rin iyong halos bumigay sa mga halik niya. Hindi ko alam sa sarili ko kung bakit ko iyon ginawa. May something sa mga mata ni Axel John na nakakapagpalimot sa akin at sa realidad.

“Babarilin kita! Hindi pinag-uusapan ang p*kpek ni Leira! Akin lang iyon!”

“Bakit? Inaangkin ko ba? Sa ‘yo na iyon pati biyak!”

“Susungalingin kita ng kutsilyo, p*tang*na mo!” sigaw ng lalaki.

Hindi naman nagtagal ay lumabas ang lalaki na may dalang plastic bag kasunod naman niya si Axel John. Pinatay niya ang ilaw sa kusina ‘tapos ay pinuntaan ako sa hagdanan. Tumabi siya sa akin na napapailing. He looked at me.

“Paano ba iyan? Binigyan mo ako lalo ng dahilan para hindi ka ibalik, Miss Bernice,” nakangising sabi niya. Gumapang ang mga kamay niya sa binti kong nakalitaw at hinagkan ako sa tuhod. “Hindi ako titigil hangga’t hindi kita natitikman.”

Ano’ng akala niya sa akin? Pagkain? Dapat ay mainsulto ako sa mga lumalabas sa bibig niya, pero tila ba nakakapagdagdag init iyon sa aking pakiramdam.

“Hostage kita... kakainin kita. Rawr!” Umakto pa siyang parang leon.

Natawa naman ako. Para akong baliw. Kanina ay takot na takot ako. Ngayon naman ay tumatawa ako na parang walang nangyaring kababalaghan sa akin kanina sa sementeryo. Pumantay ako sa kanya.

“Sige, hostage mo ako.” I played along. “But I

don't want to do it now, so let's just kiss." I kissed him. He kissed me back. Masarap ang labi ni Axel John. Napakainit ngunit napakalambot niyon. Naramdaman kong gumapang na naman ang kamay niya sa dibdib ko. Nilaliman niya ang halik na para bang nilulunod ako. Walang problema sa akin. Gusto ko ang sensasyon.

Napaungol pa ako nang maramdaman kong hinahaplos ng kamay niya ang gitna ng hita ko.

"F*ck! I wanna f*ck you hard!" he whispered. Ibinuka niya ang binti ko. I knew that he was about to dive in when...

"Ernesto, sana nagla-lock ka ng pinto at nagpapatay ng ilaw dito sa sala. Sabik lang ang peg? Hindi makapasok sa kwarto?"

Muli na namang bumalik ang lalaking iyon. Umalis si Axel John sa akin at binalingan siya.

"P*tang* na mo ka, Azul! Sinasabi ko sa 'yo! Magiging byuda si Leira!" sigaw niya. Hinabol niya ang lalaki 'tapos ay iniwan ako. Inayos ko ang sarili ko at matyagang naghintay. Nang bumalik siya ay nagbuntong-hininga na lang siya.

"Matulog ka na, Bernice. Bukas na lang. Magmamaryang palad na lang ako," walang hiyang pagbibigay-alam niya.

Natawa ako nang napakalakas. "Good night, Axel John." Tumayo ako at umakyat sa itaas. Nasa kalagitnaan ako ng hagdanan nang marinig ko ang ibinulong niya.

"Good night, Pamela Anne..."

I looked back at him. Tila wala sa loob niya ang sinabi niya sa akin.